

## Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl    Abril 2020



Bisitahin ang [Ladies Prayer International on Facebook](#) at i- "like" ang ating page!

### **Binubuhay Pa Rin ng mga Patay**

Ni Rhonda Burk



*Hindi man natin napagtanto, palagi nating natuturuan ang ating mga anak. Sa pamamagitan ng ating mga salita, gawa at kung ano ang mga naririnig nila sa simbahan, ito ang maghuhubog sa buhay ng ating mga anak. Mga Kawikaan 22:6 tells us, "Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan." Itong banal na kasulatan na ito ay isang pangako na kailangang ipaalala at panghawakan natin.*

*Si Brother Erik ay pinalaki ng isang ina na nagturo sa kanya paano magdasal. Hindi lang niya nasaksihan ang isang buhay na puno ng panalangin, pero ngayon, kasama ang kaniyang mga anak, panahon na para maisagawa ang kanyang mga natutunan. Siya, at ang kanyang asawang si Tara, at ang kanilang mga anak na sina Meagan, Nolan, and Mason ay masayang nabubuhay na malayo sa lahat. Isa sa mga benepisyo ng nakatira sa bukirin ay ang pibilihiyo na magkaroon ng mga alagang hayop. Gustong-gusto ni Megan ang mga manok, kaya paunti-unti nila itong binibilhan. Ito ang kuwento tungkol sa isa sa mga manok, na ang pangalan ay "Darkness".*

*Habang naghahanda ang buong pamilya na umalis ng bahay, walang nakapansin na naiwan nila ang lagayan ng tubig na sobrang lapit sa mga manok. At dahil si Darkness ay mausisa, nahulog siya sa tubig habang wala sila sa bahay. Pag-uwi nila, nakita ni Meagan na lumulutang si Darkness, matigas pa sa kahoy, at nasa tubig. Nasa tubig na siya ng matagal upang si Darkness ay bawian ng buhay. Nalungkot ang mga magulang ni Meagan, ngunit ang pananampalataya na kagaya ng kanyang Lola ang naghari sa puso ni Meagan.*

*"Kailangan nating magdasal, daddy," sigaw ni Meagan. Kaya nanalangin sila habang hawak-hawak ang matigas na katawan ni Darkness. Ngunit Wala. Hindi gumalaw. Pero si Meagan ay nanindigan sa paniniwala na tinuro sa kanya bago pa siya matutong magsalita. "Pero Panginoon, sabi Mo kaya mong gawin ang LAHAT, na kapag nanalangin kami sa pangalan ni Hesus, LAHAT possible. Pakiusap, Daddy, magdasal ulit tayo." Ng may pananampalataya, nilatag ni Meagan ang kanyang hindi pa nagugupitang buhok sa katawan ni Darkness.*

*Makalipas ang ilang oras, ang pamumula at parang nabibilaukan na tunog ng pagkabuhay ni Darkness ay naging tunog ng papuri at panalangin. Muli, tinupad ng Panginoon ang Kanyang mga Salita at mga pangako. Napuno ng liwanag si Darkness at ang pananampalataya ni Megan ay mas naging matatag habang buhay.*

*"Hindi ko nalilimutan ang tapat mong pananampalataya, na naunang tinaglay ng iyong lolang si Loida at ni Eunice na iyong ina. Natitiyak kong nasa iyo rin ang pananampalatayang ito." (II Timoteo 1:5).*

*Note: Si Rhonda Burk, Presidente ng Illinois District ladies, ay isang makasalanan na niligtas ng grasya, isang estudyante muna bago naging isang guro, pinagpapalang asawa, ina ng tatlong anak, Lola ng limang apo at lisensyadong minister ng UPCI at First Lady ng Landmark, Bethalto, Illinois.*

---

## **Pagpasa ng Pananampalataya sa Manggagawa ng Himala sa Susunod na Henerasyon**

Ni Mariann Starin



“Ang mga utos niya'y itanim ninyo sa inyong puso. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; pag-aralan ninyo ito sa inyong tahanan, sa inyong paglalakbay, sa inyong pagtulog sa gabi, at sa inyong pagbangon sa umaga.” Deuteronomio 6:6-7

Sa libing ng aking ina, isang pastor na produkto ng pioneering ministry ng aking mga magulang sa New York ay nag-patotoo kung paanong ang isang pambihirang panalangin ng may simpleng pananampalataya ng aking ina ay nagsanhi ng extraordinaryong pagbabago sa kung paano niya tinitignan ang panalangin noong nagsisimula pa lang siyang mamuhay sa Panginoon.

Habang nasa mahirap siyang sitwasyong pinansyal, ang bahay niya ay nanakawan. Ang kanyang komunidad ay maraming mga lulong sa druga na nagnanakaw para may pambili nito. Pumunta siya sa simbahan ng wasak, hindi alam kung paano siya makakabangon. Ang payo ng aking inan a “Ipanalangin natin kay Jesus na ibalik ng mga magnanakaw ang pera” ay napaka-imposibleng mangyari dahil sa sitwasyon. Pero dahil wala na siyang ibang alam na gawin, kahit may duda, sumama siya sa pagdadasal ng aking ina.

Pag-uwi niya sa kanyang bahay, nabigla siya dahil binalik ng magnanakaw ang kanyang pera na may kasama pang paumanhin. Nabago ng panalangin na iyon ang kanyang relasyon at buhay panalangin sa Panginoon. Napagtanto niya na kayang gawin ng Diyos ang mga hindi pangkaraniwang bagay; kailangan lang nating maniwala na kaya Niya at hingin ito sa Kanya.

Paano ang aking ina, na lumaki noong merong ‘Great Depression’ at kakulangan, ay naniwala sa simpleng katotohanan na kailangan lang nating umasa (maniwala) at humingi (manampalataya) kay Hesus, ang mahimalang Panginoon? Dahil ang kanyang ama ay ginamit ng Panginoon na manalangin para sa mga may sakit at makaranas na makapagbalik buhay sa patay. Ang modelo ng kanyang pamumuhay, dahilan ng mga panalangin at himala kaya yun ang kanyang namulatan bilang isang anak ng Panginoon. Kahit siya ay himalang gumaling sa asthma.

Kahit ang aming sitwasyong pinansyal noong kami ay mga bata pa ay mas Mabuti kesa sa aming mga magulang, ang kanilang pamumuhay ang nagturo sa akin na dalhin lahat ng aking pangagailangan sa paanan ni Hesus, una- kahit anong mangyari. Ang walang takot at puno ng pananampalatayang panalangin ay ang mamalaging sagot at solusyon sa ating buhay.

Noong ako ay naging propesyonal na nars, ang aking mga karanasan sa buhay at trabaho ay nagkumpirma na kung naiintindihan lang ng tao kung gaano ka-limitado ang kaalaman ng mga

propesyonal sa mediko, mas mabilis magtiwala sa Panginoon. Isa sa aming pasyente ang nagpasalamat sa akin dahil sa aking tahimik pero taos-pusong dasal, na tanging ang Panginoon lamang ang nakapagpakita noon sa kanila, habang sila ay nag-aagaw buhay.

Ang iyong pamumuhay ang magtatanggal ng duda at magpapakita sa susunod na henerasyon kung paano sumunod sa walang takot at puno ng pananampalatayang panalangin sa Diyos ng himala. Sanayin mo ang isang bata mula sa kanyang pagkasanggol sa pamamagitan ng simpleng pagsali sa kanila sa pagdadasal sa lahat ng sitwasyon sa buhay. Ipagdasal mo at magdasal ka kasama ang iyong mga anak; at hayaan mo din na ipagdasal ka ng iyong mga anak. Nang sa ganoon, ay pareho kayong humanga kay Hesus, ang mahimalang Diyos.

Note: Si Mariann Starin ay anak ng mga nagtatayo ng simbahan at isang Rehistradong Nars. Siya at ang kanyang asawang si Mark ay ang mga kinatawan ng Global Missions- Representative sa Middle East mula noong 1984. Siya ay ina ni Angelica at Alexander at Lola ng dalawang apo.

## Hanggang Ngayon, May Himala

Ni Anne Johnston



“Ang dalangin nila kahit hindi pa tapos ay aking diringgin, at ibibigay ko ang kanilang hinihiling.” (Isaias 65:24)

Ang kahulugan ng kamangha-mangha sa diksyonaryo na Merriam-Webster ay “isang kamangha-manghang kaganapan na nagpapahayag ng banal na interbensyon sa mga gawain ng tao” Ang himala ay isang kaganapan na kamangha-manghang kaganapan na parang ito ay galing sa itaas.

Minsan, baka hindi natin napapagtanto na tayo ay nakakatanggap ng himala hanggang sa mabalik-tanaw natin kung paano nangyari ang mga bagay-bagay. “Kinukuha ng Diyos ang ating sitwasyon at dinadagdagan niya ito ng Kanyang mahimalang kapangyarihan.”

Ilang taon ang nakaraan, nakaranas ako ng malalang sakit sa aking dibdib at braso, kaya pinadala ako ng cardiologist para magpa-scan sa aking puso. Nakita nila na walang problema sa puso ko pero pinahayuhan ang aming doctor na meron akong bukol na kahina-hinala.

Pagkatapos ng ilang mammogram at ultrasound, merong nadiskubreng tumutubo kaya pina-schedule agad ang surgery. Salamat sa Diyos, nakuha nila lahat at ang resulta ay nagsasabing hindi ko na kailangang magpa-chemo o radiation.

Sa dahilan na hindi ginagawa ang karaniwang mammogram sa Quebec para sa mga kaedaran ko, kung hindi nakita ang problema noong nagpa-scan ako sa aking puso, malamang hindi madidiskubre ang cancer at mas malala pa ang nangyari sa akin. Salamat sa Diyos, maliit lang ito at maagang nadiskubre.

Sa pamamagitan ng panalangin, binigyan ako ng Diyos ng kapayapaan sa buong proseso at katiyakan na kahit anong mangyari, kontrolado Niya ang lahat.

“Pakinggan ka sana ni Yahweh kapag ika'y nagdurusa! At ang Diyos ni Jacob ingatan ka sana. Mula sa Templo, ikaw sana'y kanyang tulongan, at mula sa Zion, ikaw ay kanyang alalayan.” Mga Awit 20:1-2

Napakagandang mapabilang sa pamilya ng Diyos at malaman na pinapanalangin nila tayo sa tuwing tayo ay humaharap sa mahirap na sitwasyon sa ating buhay. Maraming salamat Panginoon

sa himala. Naniniwala ako sa himala, alam ko na ginawa ito ng aking Diyos sa buhay ko. Kontrolado Niya ang buong proseso. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko Siya sa Kanyang ginawa.

Note: Si Anne Johnston ay isang graduate ng UPBI (ngayon ay Northeast Christian College) sa New Brunswick at anak ng isang ministro na kasangkot sa iba't-ibang uri ng gawain halos buong buhay niya. Siya ay ina ng tatlo at Lola ng anim. Siya ay nagsasamba sa West Island United Pentecostal Church sa Pointe Claire, QC and miyembro ng The King's Translators.

## Mula sa Editor



### Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto para ang newsletter na ito ay mababasa na ngayon sa English, Arabic, Chinese, Czech/Slovak, Dutch, Fijian, French, Georgian, German, Greek, Hungarian, Italian, Japanese, Polish, Portuguese, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog and Thai  
Tulungan niyo kaming manalangin ng mga tagasalang!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Dear Prayer Team Leader, Please visit Ladies Prayer International on Facebook and "Like" our page!! [Facebook Ladies Prayer International Link](#)

Also, please invite your group to subscribe to this FREE newsletter at: <http://www.ladiesministries.com/programs/ladies-prayer-intl> or email request to: LadiesPrayerInternational@aol.com

Please share this information with your church, friends and family. Thank you for being a part of this thriving prayer ministry and for helping us spread the word about the FREE newsletter and Facebook page!



Kung sino tayo . . . Mula noong 1999: Ladies Prayer Intl. ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo, na nagkikita sa unang Lunes ng bawat buwan upang magkaisa sa pokus na panalangin para sa kanilang mga anak at mga anak ng lokal na simbahan at komunidad.

Ang aming Misyon. . . Kami ay nakatuon sa espirituwal na pangangalaga ng henerasyong ito at higit pa at ang espirituwal na pagpapanumbalik ng mga nakaraang henerasyon.

Ang Ating Pangangailangan. . . Nakatuon ang mga kababaihan na magkakasama sa unang Lunes ng bawat buwan at manalangin na nakatutok sa panalangin para sa

kanilang mga anak.

Tatlong Prayoridad ng Panalangin ...

- Ang kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Mga Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na kanilang pagmamayrian ang kanilang pananampalataya pagdating ng tamang edad (I Juan 2:25-28; James 1:25).
- Na pasukin nila ang minsteryo ng ani para sa Panginoon (Mateo 9:38).

